COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County
Patnubay para sa mga Kumakain sa Restawran

Narito ang aasahan kapag kumain sa isang restawran

Sa lahat ng mga kostumer:

- **Aasahan na magsuot ng isang maskara (mask) maliban habang kumakain o umiinom.**
  - Kakailanganin mong magsuot ng isang maskara kapag ikaw ay pumila para kumuha ng pagkain para sa pick-up o take-out, sa oras na ikaw ay dumating para sa panloob o panlabas na kainan, o kung ikaw ay tatayo mula sa iyong mesa sa anumang dahilan habang kumakain.
    - Ang maskara mo ay dapat na may dalawang patong man lamang ng mahigpit na hinabi/tinahi at nakahihingang materyales. Dapat ganap nitong natatakpan ang iyong ilong at bibig at kasya nang maigi sa mga gilid ng iyong mukha at paligid ng iyong ilong.
  - Ang tanging eksepsyon lamang ay mga batang wala pang 2 taong gulang o sinuman na sinabihan ng isang doktor na hindi sila ligtas na makapagsusuot ng maskara. Tandaan na ang mga taong may mga pinaka-pinagbabatayang kondisyon (hika, halimbawa) ay ligtas na makapagsusuot ng maskara ngunit kung hindi, pumunta sa pahina ng maskara ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (DPH) para matutunan ang tungkol sa mga alternatibong pantakip ng mukha.
- **Hihilingin na sumunod sa pisikal na pagdistansya**
  - Kung ikaw ay pipila para sa take-out, siguruhin na ang partido mo ay nananatiling anim na talampakan ang layo mula sa ibang mga tao na nasa pila at mula sa mga kawani.
  - Kung may mga maliliit na bata kang kasama, itabi sila sa iyo, pinananatili ang kanilang anim na talampakang distansya mula sa ibang mga kumakain at mga kawani.
  - Kung nagpaplano kang kumain sa restawran, aatasan kang sundin ang mga panuntunan ng restawran para sa pagkakaayos ng mga mesa at upuan.
- **Dapat na tandaang magsanay ng mabuting kalinisan ng kamay.**
  - Maghugas at/o magdisimpekta ng iyong mga kamay bago dumating sa restawran, pagkatapos gamitin ang banyo at muli kapag ikaw ay aalis na.
  - Itsek nang maaga para makita kung ang restawran ay tumatanggap lamang ng mga credit card para kanilang masanay ang walang pakikisalamuha/kontak na pagbabayad.

Mga kostumer na kumakain sa labas:

- **Pahihintulutan na kumain sa hanggang 6 na tao mula sa hanggang 3 sambahayan**
  - Hindi ka pauupuiin hanggang ang lahat sa iyong partido ay naroon na. Hihilingin din sa iyo na patunayan na ang mga tao sa iyong grupo ay mula sa hindi hihigit sa 3 sambahayan.
  - Ang iyong mesa ay ilalagay sa hindi bababa sa 8 talampakan mula sa alinmang iba pang mesa. Tinitiyak nito ang 6 na talampakan sa pagitan ng mga kumakain sa magkakaibang mga mesa at nagpapahintulot sa mga nagsisilbi na kumilos sa hanay ng mga mesa nang wala gaanong siksikan.
    - Huwag ilipat ang iyong mesa o huwag lumibot sa lugar na kinakainan para bisitahin ang iba pang mga mesa.
    - Siguruhin na ang mga bata sa iyong grupo ay nananatili sa iyong mesa.
  - Isaalang-alang na umorder ng iyong pagkain nang maaga para limitahan ang harapang pakikisalamuha/kontak sa iyong tagapagsilbi (server) at iklian ang iyong oras ng paghihintay sa lugar.

- Panatilihing nakasuot ang iyong maskara habang ikaw ay pumipili at umoorder ng inyong pagkain. Maaari niyong tanggalin ang inyong mga maskara kapag kayo ay handa nang kumain o uminom.
- Kung lilisanin mo ang iyong mesa para pumunta sa banyo o komunsulta sa kawani sa oras ng iyong pagkain, isuot ang iyong maskara at subukang panatilihin ang iyong distansya mula sa iba pang mga kumakain at mula sa mga kawani habang ikaw ay umiikot sa lugar.

Mga kostumer na kumakain sa loob

- **Pahihintulutang kumain sa hanggang 6 na katao mula sa iisang sambahayan.**
  - Hindi ka pauupuin hanggang ang lahat sa iyong partido ay naroon. Hihilingin din sa iyo na patunayan na ang mga tao sa iyong grupo ay nagmula lahat sa iisang sambahayan.
  - Ang iyong mesa ay ilalagay sa hindi bababa sa 8 talampakan mula sa alinmang iba pang mesa. Nagtitiyak ito ng 6 na talampakan sa pagitan ng mga kumakain sa magkakaibang mga mesa at nagpapahintulot sa mga tagapagsilbi na gumalaw sa hanay ng mga mesa nang wala gaanong siksikan.
    - Huwag ilipat ang iyong mesa o huwag lumibot sa paligid ng lugar ng kainan para bisitahin ang iba pang mga mesa.
    - Siguruhin na ang mga bata sa iyong grupo ay nananatili sa iyong mesa.
  - Isaalang-alang na umorder ng iyong pagkain nang maaga para limitahan ang harapang pakikisalamuha/kontak sa iyong tagapagsilbi at paikliin ang iyong oras ng paghihintay sa lugar.
  - Panatilihing nakasuot ang iyong maskara habang ikaw ay pumipili at umoorder ng inyong pagkain. Maaari niyong tanggalin ang inyong mga maskara kapag kayo ay handa nang kumain o uminom.
  - Kung lilisanin mo ang iyong mesa para pumunta sa banyo o komunsulta sa kawani sa oras ng iyong pagkain, isuot ang iyong maskara at subukang panatilihin ang iyong distansya mula sa iba pang mga kumakain at mula sa mga kawani habang ikaw ay umiikot sa lugar.

Marami sa atin ang nanabik sa kasiyahan ng pagkain sa labas sa nakalipas na taon. Ngayon ay nasa ating lahat na para gumana ito.

- Kung ang isang tagapagsilbi o iba pang kawaning tao ay nagpaalala sa iyo tungkol sa pisikal na pagdistansya o pagsusuot ng maskara, tandaan na pinoprotektahan nito ang sarili mo at iyong partido, ang iba pang kumakain, ang kanilang mga sarili, at ang publiko. Ginagawa lang nila ang kanilang trabaho.
- Huwag hilingin sa mga kawani na buksan ang isang telebisyon o maupo sa isang sinarahang mesa. Ito ay mga panuntunan na dapat sundin ng mga restawran ayon sa batas.
- Sumunod sa mga panuntunan na nakatala sa itaas; Ito ay simple, at ito ay batay sa siyensya. Sinasalamin nila ang pananaliksik mula sa buong mundo tungkol sa mga gagawin para manatiling ligtas.

Magkaroon ng masarap na kainan, magsaya, at manatiling ligtas.
Masiyahan sa iyong pagkain!